

Pagsusuri sa ponemang suprasegmental ng wikang Iranun

Toto, Sitti Aisha G.

Western Mindanao State University, Philippines (Toto.sitti@wmsu.edu.ph)

Reyes, Aubrey F. ✉

Western Mindanao State University, Philippines (aubreyfreyes80@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

Received: 1 August 2022

Available Online: 20 October 2022

Revised: 5 September 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.b015

Accepted: 4 October 2022

OPEN ACCESS

Abstract

The study aims to record, translate and analyze the phonological features particularly the suprasegmental phonemes of Iranun language. This study is qualitative research which uses descriptive analytic design. The researchers developed a guide question pertaining to the daily lives of a native Iranun and their situation during the pandemic which was used to interview the participants of this study. The data that was collected were analyzed based on the framework model of Santiago and Tiangco (1991), this was the lence used by the researchers to describe the characteristics of their phonemes. The result of the study shows that Iranuns has emphasis on the use of their words, and the meaning of these words changes every time they change the emphasis. In addition, this language has only three types of pronunciations; the gentle, the fast, and the slow pronunciation. Furthermore, it was also discovered that the language also possesses tone and stops or delays that gives a different meaning to a sentence or phrase. Therefore, it was concluded that Iranun language is very unique based on its phonological characteristics particularly in the suprasegmental phonology which is extremely important in the communication among the native Iranun speaker.

Keywords: pagsusuri, ponemang suprasegmental, wika, Iranun

Pagsusuri sa ponemang suprasegmental ng wikang Iranun

1. Introduksyon

Ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa pagbubuklod ng mga taong naninirahan sa isang lipunan o bansa. Ang wika ay hindi lamang gamit sa pakikipagkomunikasyon kung hindi ito ay susi rin sa pagbubukas ng pinto ng kaalaman, haraya, at pagdalumat sa mga bagay-bagay sa ating kapaligiran. Ayon kina Drapeza at Reyes (2021), nakikilala ang tao kung saan at ano ang kinabibilangang grupo, trabaho, pook na tinitirhan, edukasyon, kultura, lahi, at relihiyon sa pamamagitan ng wikang ginagamit. Magkatulad man ang tawag o pangalan ng wika sa isang munisipalidad, barangay, o sitio na nabibilang sa isang pook o lalawigan ay nagkakaroon pa rin ito ng pagkakaiba na maaaring sa bokabularyo, tunog at/o gramatika

Ang wikang Iranun ay ang wikang ginagamit ng mga Iranun sa ilang panig ng Mindanao tulad ng, Basilan, Lungsod Zamboanga, Lanao Del Sur, Cotabato, Marawi at Maguindanao. Ang wikang ito ay may pagkakahawig sa Maranao at Maguindanao sapagkat kapuwa nagmula sa iisang lahi lamang. Hindi rin gaanong kilala o laganap ang wikang ito dahil na rin sa kakaunti lamang ang taal na tagapagsalita ng wikang Iranun at napagkakamalang kabilang sa Maranao at Maguindanao.

Ayon naman kay Paalisbo (2019), ang sinaunang wika ng Iranun ay nagmula sa wika ng Malayo-Polinesyo sa Pasipiko. Sa paglipas ng panahon ang orihinal na wikang ito ay nagbago dulot na rin ng impluwensiya ng iba't ibang wika. Ang orihinal na wikang ginamit sa Darangan ay ang wikang Iranun. Ang pagbabago sa wikang Iranun ay dulot ng ilang salik gaya ng pag-aasawa sa ibang lahi, paglalakbay, adaptasyon ng ibang wika at panggagaya. Ilan lamang ito sa mga salik na nagpabago sa orihinalidad ng wikang Iranun. Ang kasalukuyang wika ay tinanggap at ginagamit nilang midyum ng komunikasyon sa Mindanao maliban na lamang sa Jolo, Sulu. Dagdag pa niya ang wikang Iranun ay laganap at nauunawaan ng mga Muslim sa Mindanao at ito raw ang ina ng wika ng mga Muslim sa Mindanao. Kaya nagkakaunawaan ang mga taal na tagapagsalita ng ito ay dahil na rin sa pareho lamang ang pinagmulan ng wikang sa wikang Iranun.

Ang paliwanag ukol sa pinagmulan ng wikang Iranun ay mababasa sa artikulong sinulat ni Smith (2001), kung saan nakasaad dito na ang wikang Iranun ay nagmula sa pamilya ng Proto-Danao ng Sabah, Malaysia kagaya ng Mëranao, at Maguindanao na makikita sa Mindanao. Isa ang Iranun sa mahigit-kumulang limampu na mga katutubong wika sa Sabah, Malaysia sa isla ng Borneo at isa rin sa mga wikang unti-unti na ring namamatay dahil na rin sa kakulangan ng mga taal na tagapagsalita ng wikang Iranun. Kaya naman, sa kasalukuyan ay laganap ang mga lingguwista na nagsasagawa ng pananaliksik ukol sa wikang Iranun ng Sabah, Malaysia upang mapanatili ang wika at kultura nito. Gaya rin sa ginawang pananaliksik ng nabanggit na pag-aaral, nagsagawa rin ang mga mananaliksik ng pagsusuri sa iba't ibang katangian ng mga ponemang suprasegmental ng wikang Iranun. Ito ang ninais na tuklasin ng mga mananaliksik upang lubusang maunawaan ang natatanging wika ng mga Iranun.

2. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik kung saan, ang disenyong ginamit ay pasuring palarawan. Ginamit sa pag-aaral na ito ang binuong gabay na tanong ng mananaliksik na binubuo ng limang tanong na naglalaman ng mga katanungan ayon sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga taal na Iranun at ang kanilang kalagayan sa panahon ng pandemya. Gamit ang transkripsiyon ng mga salita at pangungusap na nakalap mula sa panayam, sinuri ang ponemang suprasegmental ng wikang Iranun.

3. Paglalahad ng mga resulta

Ang seksyong ito ay naglalahad at nagsusuri ng mga datos na nakalap tungkol sa ponemang suprasegmental

ng wikang Iranun gaya ng, diin, tono, hinto o antala.

Talahanayan 1

Mga salitang Iranun na may pares minimal

| | Wikang Iranun | Bigkas | Katumbas sa wikang Filipino |
|---------------|---------------|------------|-----------------------------|
| Pares minimal | Aih | [ʔa. jiʔ] | paa |
| | Aig | [ʔa. ʔjig] | tubig |

Talahanayan 2

Mga salitang Iranun na may Ponemang malayang nagpapalitan

| Ponemang malayang nagpapalitan | Wikang Iranun | Bigkas | Katumbas sa wikang Filipino |
|--------------------------------|---------------|------------------|-----------------------------|
| miyakinug | miakinug | [mi.ja.ki. ʔnɔg] | paa |
| miyangatu | miangatu | [mi.ja.ɲa. ʔtu] | tubig |
| miyaylay | miaylay | [mi.jaj. ʔlaj] | kanan |
| miyakinug | miakinug | [mi.ja.ki. ʔnɔg] | malayo |


Talahanayan 3

Mga salitang Iranun na may tatlong uri ng bigkas sa wikang Iranun


| | Wikang Iranun | Bigkas | Katumbas sa wikang Filipino |
|---------|---------------|----------------|----------------------------------|
| Malumay | babay | [ʔba.baj] | babae |
| | bagu | [ʔba.gu] | bago |
| | bagumbun | [ba. ʔgum.bun] | alikalabok |
| | aih | [ʔa. jiʔ] | paa |
| Malumi | aig | [ʔa. ʔjig] | tubig |
| | allib | [ʔal. lɔb] | tuhod |
| | alungan | [ʔa.lu. ʔɲan] | Araw |
| | halu | [ʔha. luʔ] | ulap na hamog |
| Mabilis | kag | [kág] | ka |
| | su | [sú] | ang |
| | sung | [súng] | lalakad o pupunta sa ibang lugar |

Talahanayan 4


Tono ng wikang Iranun




Anda kag sung?
 3 1 2



Anda kag sung.
 3 1



Dih kami makasung sa pasangan labih din su mga sagit sikkami a mga senior.
 3 1 2 1 2 1



Dih kami makasung sa pasangan labih din su mga sagit sikkami a mga senior.
 3 1 2 1 2 1

Talahanayan 5

Hinto o Antala ng wikang Iranun

| Wikang Iranun | Wikang Filipino |
|-------------------------------|-------------------------------|
| Kina sak'ih su nakudah sii// | Hindi ako ang kapitan dito// |
| Kina/ sak'ih su nakudah sii// | Hindi/ ako ang kapitan dito// |
| Kina sak'ih/ su nakudah sii// | Hindi ako/ ang kapitan dito// |

4. Diskusyon

Ang ponemang suprasegmental ay lubos na kinakailangan upang makabuo ng isang mabisang pakikipagtalastasan sa ating kapwa. Ang ponemang suprasegmental ay nakakatulong upang matukoy ang wastong kahulugan ng isang pangungusap ayon sa tono at antala o hinto gayundin, ang diin ng salita. Pinaliwanag nina Santiago at Tiangco (1985), na ang bawat wika raw ay natatangi at nagtataglay ng kanya-kanyang kakayahan, hindi lamang sa set ng mga ponemang segmental gayon din sa ponemang suprasegmental. Ang mga uri ng ponemang suprasegmental sa pagbigkas ng mga salita ay karaniwang nagkakasama-sama sa isang pantig nito. Ngunit, ang mga uri ng suprasegmental na ito ay may iba't ibang halaga sa bawat wika.

Ayon sa katangiang inilalahad nina Santiago at Tiangco (1991), malinaw na ang wikang Iranun ay nagtataglay din ng mga salita na pareho ang baybay ngunit iba ang kahulugan ayon sa diin gaya ng salitang, **lima** ['li.ma] na nangangahulugang kamay at **lima** [li.'ma] na nangangahulugang bilang. Ang mga salitang ito ay kapwa rin binibigkas ng malumay ngunit ang diin ay makikita sa magkaibang pantig. Ang pagbigkas ng salitang **lima** ['li.ma] ay mabagal lamang ngunit ang diin ay nasa pagitan ng una at ikalawang pantig ng salita habang ang salitang **lima** [li.'ma] kung bibigkasin, ang diin ay nasa unang titik ng unang pantig ng salita. Ang wikang Iranun ay mayroon namang tatlong uri ng bigkas na malinaw na maririnig sa pagsasalita ng mga taal na Iranun. Ito ang mga sumusunod: malumay, malumi, at mabilis.

Ang malumay ay binibigkas nang mabagal ngunit walang impit na tunog at ang diin ng salita ay makikita sa ikalawang pantig mula sa hulihan ng salita. May nagaganap din na paghahaba ng bigkas sa pantig na ito gaya ng mga salitang, **babay** ['ba.baj], **bagu** ['ba.gu], **bagumbun** [ba.'gum.bun], **bawun** ['ba.wun], at **bigi** [bi.'gi]. Ang malumi naman ay binibigkas nang mabagal ngunit mayroong impit na tunog gaya ng, **amah** [ʔa.'maʔ], **apuy** [ʔa.'puj], **atay** [ʔa.'taj], **dila** ['di. laʔ], at **halu** ['ha. luʔ]. Sa wikang Iranun ang impit na tunog ay hindi lamang makikita sa huling pantig maging sa una, gitna at huling pantig ng salita ng wikang Iranun. Ang mga impit na tunog na ito ay naglalabas ng tunog na /ah/. Ang wikang ito ay nagtataglay din ng salitang binibigkas nang mabilis gaya ng, kag [kág], su [sú], at sung [súng] sa wikang Filipino. Ang bigkas na mabilis ay tinutuldikan ng tuldik na pahilis /'.

Ang resulta ay pinatotohanan ni Almario, (2014), ayon sa kanya, ang paggamit ng tuldik ay lubos na mahalaga upang matiyak ang wastong pagbigkas ng mga salita sapagkat may mga salitang pareho ang baybay ngunit magkaiba ang kahulugan ayon sa paraan ng pagbigkas nito. Nagiging komplikado pa ang pagbigkas kapag isinaalang-alang ang mga salita ng ibang katutubong wika ng Filipinas na may magkakahawig na ispeling ngunit iba-iba ang kahulugan dahil sa iba-ibang bigkas.

Ang wikang Iranun ay nagtataglay din ng tono o pagbabago sa kahulugan ng isang o pahayag ayon sa pagtaas at pagbaba ng tinig. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng tono sa wikang Iranun.

Pansinin ang mga sumusunod na halimbawa:

Mapapansin sa mga halimbawang binigay na nagbabago ang kahulugan ng isang pangungusap o parirala ayon sa tono ng pagbigkas gaya ng halimbawa 1.a. ang unang halimbawa ay nagsasaad na ang taong nagsasalita ay nagtatanong sa kanyang kausap. Itinatanong ng nagsasalita kung saan, pupunta ang kanyang kausap. Ang pagtaas ng tinig kapag nagtatanong ang mga taal na Iranun ay makikita sa unang salitang ng pangungusap, ang

salitang **anda**, susundan ng pagbaba ng tinig sa salitang **kag** at katamtamang pagtaas naman ng tinig sa salitang **sung**.

Sa ikalawang halimbawa naman, ang pangungusap na 1.b. ay nagsasaad na ang taong kumakausap ay nagsasalita nang pabalang sa kanyang kausap. Ang pahayag na ito ay may halong sarkasmo o hindi kaya'y may sama ng loob. Sa ganitong tono naman ng pagsasalita, ang pagtaas ng tinig ay nagaganap sa mga salitang **anda** at **kag**. Susundan naman ng pagbaba ng tinig sa salitang **sung**. Ang mga bilang na makikita sa baba ng mga salita ay nagpapakita ng tindi ng pagtaas o pagbaba ng tinig ayon sa tono ng taong nagsasalita. Samantala, ang halimbawang 2.a. ang taong nagsasalita ay nagsasaad na hindi raw sila makapunta ng pueblo o bayan lalo na ang mga senior dahil sa kasalukuyang sitwasyon ng pangkalusugan. Ang nagsasalita ay nagsasalaysay o nagsaad lamang ng isang ideya o pahayag. Ang pagtaas ng tono ay nagaganap sa mga salitang **Dih** at katamtamang pagtaas ng tinig sa mga salitang, **labih** at **sikkami**

Ang halimbawang 2.b. naman ay nagsasaad ng sama ng loob o matinding emosyon dahil hindi niya magawang makapunta sa lungsod dahil sa pandemya. Ang pagtaas ng tono ay nagaganap sa **dih**, **kami**, at **makasung** at katamtamang pagtaas naman ng tinig sa mga salitang **labih**, at **a mga senior** sa pangungusap. _

Ang resultang ito ay pinapatibay ni Yenbehold (2012), ayon sa kanya ang intonasyon ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita na maaaring maghudyat ng kahulugan ng pahayag. Samantala, ang tono ng pagsasalita ay nagpapahayag ng tindi ng damdamin. Maaaring magkaiba-iba ang punto at tono bagamat iisa ang intonasyon. Sinabi rin ni Badayos (2008), na ang pagkakaiba ng tono at intonasyon. Ang tono raw nagsasaad ng tindi ng damdamin habang ang intonasyon ay ang pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita na maaaring magdulot na pagkakaroon ng iba-ibang kahulugan ng pahayag.

Napag-alaman mula sa nakalap na usapan ng mananaliksik sa mga kalahok ng pag-aaral, mayroong mga salita o parirala ang wikang Iranun na nagdudulot ng pagkakaroon ng iba't ibang pahayag o mensahe sa isang pahayag ayon sa saglit na pagtigil sa pagsasalita. Sa balangkas nina Santiago at Tiangco (1991), sinabi nila na ang antala ay saglit na pagtigil sa pagsasalita upang mas maunawaan ang mensaheng nais ipahatid. May hinto bago magsimula ang isang pangungusap at may hinto rin pagkatapos nito.

Ayon sa mga katangiang nabanggit, malinaw na nagtataglay din ng hinto o antala ang wikang Iranun sapagkat nagbabago din ang kahulugan ng isang pangungusap o parirala ayon sa saglit na pagtigil ng pagsasalita o mas kilala bilang hinto o antala ng wikang Filipino.

Ang mga halimbawang binigay ay nagsasaad ng pagbabago sa kahulugan sa pangungusap o parirala ayon sa hinto o antala. Ang unang halimbawa ay nagsasaad na ang taong nagsasalita ay nagbibigay lamang ng impormasyon o nagsasaad na hindi siya ang kapitan ng barangay. Ang hinto o antala ay nagaganap sa huling salita ng pangungusap. Ang ikalawang halimbawa naman ay sinasabi ng nagsasalita na siya ang kapitan sa barangay at hindi ang taong napagkamalan ng kanyang kausap. Ang hinto ay nasa unang salita ng pangungusap. Samantala, sa huling halimbawa na binigay ay nagsasaad ng pagtanggap sa pahayag. Tinatanggi ng nagsasalita sa kanyang kausap na hindi siya maaaring gumawa o nagsabi ng isang bagay kaya naman tinuturo niya sa kausap na ang kapitan ng barangay ang may gawa ng bagay na kanilang pinag-uusapan. Ang hinto o antala ay makikita sa ikalawang salita ng pangungusap.

Ang resulta ay sinusuportahan ni Badayos (2008), sinabi niya na ang hinto ay saglit na pagtigil ng pagsasalita na maaaring panandalian habang sinasabi na ang isang pangungusap, o pangmatagalan bilang pananda ng pagtatapos ng isang pahayag. Napakahalaga ng hinto o antala sa pagsasalita sapagkat maaaring mabago ang punto ng kombersasyon ayon sa paghinto sa pagsasalita.

5. Kongklusyon

Ang layunin ng pag-aaral na ito na masuri, matala at masalin ang mga ponolohikal na katangain ng wikang

Iranun gaya ng ponemang suprasegmental. Ang ponemang suprasegmental ng wikang Iranun ay binubuo ng diin, tono, at antala o hinto. Ang balangkas na ginamit sa pag-aaral upang masuri ang ponolohikal na katangian ng wikang Iranun ay ang balangkas na nilikha nina Santiago at Tiangco (1991). Sinuri ang ponemang suprasegmental ng wikang Iranun gaya ng tono at hinto o antala sa pamamagitan ng mga nakalap na kombersasyon mula panayam sa mga kalahok ng pag-aaral. Lumabas sa pag-aaral na ang wikang Iranun ay nagtataglay din ng diin kung saan nagbabago ang kahulugan ng isang salita batay sa diin. Natuklasan din na may tatlo lamang na uri ng bigkas ang wikang Iranun, ito ang malumay, mabilis at malumi. Napag-alaman din na ang wikang Iranun ay nagtataglay din ng tono at hinto o antala na nagpapabago ng kahulugan ng isang pangungusap o parirala.

Sa kabuoan ang wikang Iranun ay nagtataglay din ng mga makabuluhang tunog na nagagamit sa pakikipagtalastasan ngunit ang mga instrumentong ginamit sa pag-aaral ay hindi naging sapat upang lubos na mapag-aralan ang ponolohiya ng wika at matuklasan ang mga nakatagong katangiang ponolohikal ng leksikon ng wikang Iranun gaya ng bigkas na maragsa na hindi nakita sa resulta ng pag-aaral. Sa pagpapalawak ng pagsusuri tungkol sa ponolohikal na katangian ng wikang ito ay maaaring madiskubre ang ikaapat na bigkas na tinatawag na maragsa at ilan pa sa mga katangiang ponolohikal na hindi nakita sa kasalukuyang pag-aaral.

5.1 Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, minumungkahi ng mananaliksik na magsagawa ng mga programa gaya ng seminar, seminar-worksyap at mga kumperensiya na magpapalawig ng kaalaman ng mga guro sa wika, mananaliksik maging ng mga mag-aaral tungkol sa mga wika at kultura ng mga pangkat-etniko gaya ng wikang Iranun gayundin, ang mga pagsasanay sa pananaliksik ng mga kultura at wikang hindi pa nadidiskubre. Iminumungkahi ng mga mananaliksik sa mga taal na Iranun na makilahok sa mga pagsusuri o pananaliksik ukol sa kanilang pagkakilanlan nang sa gayon, ay marami pang mga bagay na maaaring matuklasan sa kanilang sariling wika na maaaring magamit upang mapalawak, maitanghal, at maipagmalaki ito sa buong bansa maging sa labas ng bansa. Magsagawa ng pananaliksik tungkol sa wika ng Iranun gaya ng morpolohikal na katangian naman ng wikang Iranun. Pag-aralan din ang mayamang kultura ng mga Iranun.

6. Sanggunian

- Almario, V. (2014). *KWF manwal sa masinop na pagsulat*. KWF, Manila.
- Badayos, P. B. (2008). *Metodolohiya, sa pagtuturo at pagkatutong/sa Filipino mga teoryang simulain at istrategya*. Mutya Publishing House Inc.
- Drapeza, H. L., & Reyes, A. F. (2021). Pagsipat sa mga salik na nakaimpluwensiya sa varayti at varyasyong leksikal sa wikang Chabacano ng lungsod Zamboanga. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(4), 45-53. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.21614>
- Eberhard, D. M, Simon, G. F., & Fennig, C. D. (2021). *Ethnologue: Languages of the world* (24th ed.). Dallas Texas, SIL International.
- Paalisbo, M. P., et al. (2019). <https://bch.Bangsamoro.gov.ph/bangsamoroculturalheritage/bangsamorotribesmuslim/iranun/>
- Santiago, A. (1979). *Panimulang linggwistika sa Pilipino*. Rex Printing Company Inc.
- Santiago, A., & Tiangco, N. (1991). *Makabagong balarilang Filipino*. Rex Bookstore.
- Smith, K. (2001), *The Iranun's strategy for language and culture preservation*. <https://www.dvv-international.de/en/adult-education-and-development/editions/aed-562001/minorities-earning-and-languages/the-iranun-rsquo-strategy-for-language-and-culture-preservation>
- Yenbehold. (2012, Setyembre 9). *hinalaw mula sa*. <https://siningngfilipino.blogspot.com/2012/09/mga-ponemangsuprasegmental.html>